Republic of the Philippines
Department of Education
REHIYON III
**SANGAY NG MGA PAARALAN SA BULACAN**

Hunyo 10, 2025

Sa: Mga Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Mga Opisyal ng PESPA at PSSPA
Iba pang may Kinalaman

Kaugnay ng liham paanyaya ng Punong Lalawigan Daniel R. Fernando hinggil sa ika-127 Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa ika-12 ng Hunyo 2025 (Huwebes), ika-7:00 ng umaga sa Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, ipinababatid sa lahat ng kinauukulan na ang mga dadalo ay ang mga sumusunod.

1. Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan (1);
2. Hepe ng SGOD (1);
3. Mga Kawani ng SGOD (28);
4. Lahat ng mga Opisyal ng PESPA (7) at PSSPA (13).

Ang kasuotan ay Filipiniana para sa kababaihan at Barong Tagalog para sa kalalakihan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Travel Authority ng magsisidalo at sila ay tatanggap ng service credit na one (1) day non-compensatory time-off.

Pinapaalala sa lahat ang mahigpit na pagsunod sa health and safety protocols.

Para sa gabay at kaukulang pagtalima.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Liham Pansangay
Blg. 38 s, 2025

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Mayo 27, 2025

**DR. NORMA P. ESTEBAN, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
Kagawaran ng Edukasyon
Lalawigan ng Bulacan

Mahal na **Dr. Esteban:**

Pagbati!

Sa ika-12 ng Hunyo ay ipagdiriwang natin ang ika-isandaan at dalawampu't pitong taon mula nang ideklara ni Hen. Emilio Aguinaldo ang kasarinlan ng Pilipinas sa kanyang tahanan sa Kawit, Cavite.

Kaugnay nito, malugod kayong inaanyayahang dumalo, **kasama ang inyong limampung (50)** ***principals*** **at** ***district supervisors,*** sa pagdiriwang ng **Ika-127 na Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa ika-12 ng Hunyo, 2025, Huwebes, ganap na 7:00 ng umaga, sa Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain**, Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, na pangungunahan ng ating panauhing pandangal, **Igg. Francis G. Escudero,** Pangulo ng Senado ng Pilipinas.

Inaasahan na ang lahat ng dadalo ay nasa pook tipanan sa ganap na 6:30 ng umaga. Ang tema ng pagdiriwang ay "Kalayaan Kinabukasan Kasaysayan". Ang kasuotan sa nasabing okasyon ay *Barong Tagalog/Filipiniana.*

Inaasahan namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Lubos na sumasainyo,

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

#ThePeoplesGovernor
2F Capitol Building, Guinhawa,
City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone no.: +63 44 791 8148/49/50
Fax No.: +63 44 791 0853



danielfernando.bulacan
www.bulacan.gov.ph

"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo."